# INSIDE OUT

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Nobyembre 06, 2021

Ang misyon ng Diyos ay hanapin ang mga taong naliligaw ng landas. Isang halimbawa ay si Zaqueo na isang punong maniningil ng buwis. Narating niya ang tugatog ng tagumpay ngunit hindi siya masaya (Lk.19). Ang pangalawang halimbawa ay ang Samaritana sa balon. Noong makaharap niya si Hesus, hindi niya naitago ang kanyang magandang karanasan sa pagkikita nila ni Hesus, at nagsimula na siyang magpatotoo sa kanilang bayan tungkol kay Hesus (Jn.4:4-42). Pareho silang nakaranas ng kabiguan hanggang natagpuan nila si Hesu-Kristo. Nagbago sila – mula sa tinanggihan sa pagtanggap, makasalanan sa tagatanggap ng pagpapala ng Diyos. Maawain si Hesus sa mga taong naliligaw ng landas, maaaring nakangiti sila labas ngunit nagdurugo ang kanilang puso. Magkakaroon lamang tayo ng kapayapaan at kaligayahan kung naranasan natin ang pagmamahal at presensya ng Diyos sa ating buhay.

**May 7 dahilan bakit kailangan nating ibalik sa Diyos ang mga naliligaw ng landas** (Lk.19:1-10).

**1.** Ang mga tao ay nasasaktan at maraming kulang kung wala si Hesus sa kanilang buhay.

**1.1.** Lahat tayo ay may layunin kung bakit tinanggap natin si Hesus. Kaya, ipagpatuloy natin ang kanyang misyon na hanapin at muling ibalik ang mga nawawala. Dapat maging ilaw tayo sa mundo at ibalik sa Diyos ang mga nasa kadiliman.

**2.** Hindi kayang abutin ng tao ang Diyos sa sarili nilang pamamaraan.

**2.1.** Maliit lamang si Zaqueo kaya hindi niya matanaw ang dumadaan; tumakbo at umakyat siya sa puno ng sikomoro para makita si Hesus(Lk.19:3).

**2.2.** Panahon na upang magkaroon din tayo ng lakas ng loob at determinasyon para maabot ang Diyos dahil nahiwalay tayo sa Kanya dahil sa kasalanan.

**3.** Mahal ni Hesus ang mga nawawala at gusto Niyang maligtas sila .

**3.1.** Tinawag ni Hesus si Zaqueo sa kanyang pangalan (Lk.19:5).

**3.2.** Bilang mga Kristiyano, dapat katulad natin si Hesus dahil namumuhay ang kanyang puso sa atin (Gal.2). Pinili Niya tayo (Jn.15:16) para magkaroon ng bungang tumatagal magpakailanman.

**4.** Makakamit natin ang kaligayahan, kagalakan at kasiyahan kung matagpuan natin si Hesus (Lk.19:6).

**4.1.** Si Hesus lamang ang makapapawi ng ating espiritwal na pagka-uhaw, hindi pera, katanyagan o mga ari-arian. Magpasalamat tayo sa mga taong nagdala sa atin kay Kristo.

**5.** Hindi sinusukat ng Diyos kung gaano kalaki ang ating kasalanan; bagkus, maluwag Niya tayong tinatanggap muli.

**5.1.** May mga taong hindi sang-ayon sa ipinakitang pabor ni Hesus kay Zaqueo (Lk.19:7).

**5.2.** Walang makasalanan ang hindi pinapatawad at tinatanggap muli ni Hesus.

**6.** Bawat tao ay may kakayahang maipadama ang kabutihan sa iba kung nasa puso natin si Kristo.

**6.1.** Handa si Zaqueo na ibalik ang mga ninakaw sa pamamagitan ng kanyang trabaho. Gumawa siya ng paraan para ipakita na nagbago na siya(Lk.19:8).

**6.2.** Noong natagpuan natin si Hesus, nagpasya ba tayong sumunod sa Kanya?

**7.** Ang paghahanap sa mga nawawala ang puso ng misyon ni Kristo at mga mananampalataya ng Diyos (Lk.19:9).

**7.1.** Naligaw ang tao kung malayo na siya sa Diyos. Tiningala ni Hesus si Zaqueo noong mababa ang tingin ng mga tao sa kanya.

**Konklusyon:**

Lahat tayo ay kailangan maglakad kasama si Hesus at ang Banal na Espiritu na gumagabay sa atin patungo sa tamang landas. Huwag nating kalimutan na ang tao ay mamamatay, ngunit ang pinakamasama ay mamatay na wala sa puso si Kristo. Magsimula na tayong sumunod sa Diyos.

**Pagninilay:**

1. Ikaw ba ay katuwang ni Hesus sa misyon?
2. Dumaramay at naglalaan ka ba ng oras upang makipag-usap sa mga tao at ibahagi si Hesus sa kanila?
3. Ilang tao na ang nakita mong naliligaw ng landas ngunit wala kang ginawang paraan sa kanila?


**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#IligtasangNawawala#Misyon#Layunin